Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF CITY OF SAN JOSE DEL MONTE**
City of San Jose del Monte, Bulacan
website: www.depedcsjdm.webs.com / e-mail: deped_csjdm@yahoo.com / telefax: (044) 815-2815

DO CSJDM
RELEASED
OCT 18 2016
By: Records Unit

**MEMORANDUM**

TO: Public Secondary School Principals

FROM: **GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Schools Division Superintendent

SUBJECT: **Cong. Rogaciano Mercado Centennial Celebration**

DATE: October 17, 2016

---

In reference to the invitation letter of Dr. Eliseo S. Dela Cruz, Provincial History, Arts Culture and Tourism Office, the following public secondary schools are requested to participate in the **Cong. Rogaciano Mercado Centennial Celebration on November 5, 2016 at Dr. Protacio Badjao's Pavilion, #1532 Diversion Road, Sta. Cruz Village, Sta. Maria, Bulacan:**

a. Kaypian National High School
b. Kakawate National High School
c. Muzon Harmony Hills High School
d. Sapang Palay National High School
e. Muzon High School
f. Minuyan National High School

Kindly confirm your participation to the activity and provide our Office feedbacks on conducting commemorative celebrations.

Enclosed is the letter of invitation for your perusal.

For information, guidance and prompt compliance.

Form No. PHACTO ADMIN – 06
Dec. 2015
Rev. 00

RELEASED
DATE: 10-14-16
CONTROL NO.: 16-446

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
October 17, 2016
email

Republika ng Pilipinas
PamahalaangPanlalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos
********

**Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo**

Oktubre 14, 2016

**DR. GERMELINA H. PASCUAL**
Tagapamanihala
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Lungsod ng San Jose del Monte
Lungsod ng San Jose del Monte, Bulacan

Mahal na **Dr. Pascual:**

Sa darating na ika-5 ng Nobyembre, 2016 ay gugunitain ang sentenaryo ng kapanganakan ng dating kinatawan ng Bulacan sa mababang kapulungan na si Congressman Rogaciano Mercado. Siya ay isang beteranong lehislador mula sa bayan ng Santa Maria. Sa panahon ng kanyang panunungkulan ay marami siyang naipasang batas na nagbigay ng benepisyo lalo na sa masang Pilipino. Dahil sa kanyang mahusay at taos-pusong paglilingkod sa bayan, marapat lamang na siya'y mabigyan ng pagkilala ng lahing Bulakenyong lubos siyang ikinararangal.

Kami po ay naglunsad ng Cong. Rogaciano Mercado Centennial Essay Writing Contest at lubos naming pinasasalamatan ang paglahok ng mga paaralan sa inyong dibisyon. Kaugnay nito, magalang po naming hinihiling na maanyayahan ang mga paaralan na nagsumite ng kanilang lahok na sanaysay na dumalo sa **ika-5 ng Nobyembre, 2016 sa ganap na ika-10:00 ng umaga sa Dr. Protacio Badjao's Pavilion, #1532 Diversion Road, Sta. Cruz Village, Sta. Cruz, Santa Maria, Bulacan.** Inaasahan po ang pagdalo ng **tatlong kinatawan ng bawat paaralan** na binubuo ng mag-aaral na kalahok sa paligsahan sa pagsulat ng sanaysay, pangulo ng Supreme Student Government (SSG), at punong-guro ng paaralan. Sa araw na ito gaganapin ang palatatuntunang pang-alaala na may temang "Ka Roning@100: Boses ng Masang Pilipino, Ikinararangal ng Lahing Bulakenyo!". Nakapaloob po dito ang pagbubukas ng eksibit, paggagawad ng katibayan ng paglahok at gantimpala sa mga nagwagi sa paligsahan, at paglulunsad ng librong pang-alaala. Narito po ang listahan ng mga paaralang hinihiling naming maanyayahan sa pamamagitan ng *memo* mula sa inyong tanggapan:

1. Kaypian National High School
2. Kakawate National High School
3. Muzon Harmony Hills High School
4. Sapang Palay National High School
5. Muzon High School
6. Minuyan National High School

Para po sa anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnayan kay Bb. Lady Pauline A. Caballero ng History and Heritage Division ng aming tanggapan sa tel. blg. (044) 794-9567/ 09420646643.

Inaasahan po namin ang inyong pagtugon sa aming kahilingan.

Sumasainyo,

for
**DR. ELISEO S. DELA CRUZ**
Pinuno ng Tanggapan